JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malimpyo
JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

4

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan-Modyul 4-5

### Mga Gawaing Lumilinang sa Kagalingang Pansibiko





Name of Learner: ____________________________

Grade & Section: ____________________________

Name of School: ____________________________

**Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang**
**Ikaapat na Markahan-Modyul 4-5: Mga Gawaing Lumilinang sa Kagalingang Pansibiko**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Gebin B. Bacatan
**Editor:** Rose Vick E. Talik
**Tagasuri:** Rose Vick E. Talik, Vilma C. Velasco
**Tagalapat:** Wilvin H. Inding
**Tagapamahala:** Virgilio P. Batan Jr. -Schools Division Superintendent
Lourma I. Poculan -Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero -Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien -Chief Education Supervisor, SGOD
Ronillo S. Yarag -Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo-Project Development Officer II, LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Telefax: (065) 212-6986
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph



## *Alamin*

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

Natutukoy ang mga gawaing lumilinang sa kagalingang pansibiko.



## *Balikan*

**Panuto:** Isulat ang **<u>K</u>** kung ang isinasaad ng pangungusap ay Karapatan ng mamamayang Pilipino, at **<u>T</u>** naman kung tungkulin. Isulat sa patlang ang inyong sagot.

_____ 1. Gusto kong maging Doktor dahil ito ang natapos ko.
_____ 2. Ginagalang ko ang pananampalataya nila Tita at Tito dahil sariling relihiyon nila iyon.
_____ 3. Iboto ko po ang kasalukuyang Mayor natin dahil matulungin siya.
_____ 4. Bibilhin ko ang lupa ng kapitbahay namin.
_____ 5. Maglalaro ako pagkatapos ng mga gawaing bahay.
_____ 6. Pagbutihin ko ang aking pag-aaral upang ako ay makapagtapos.
_____ 7. Sumali ako sa Math Club upang aktibo ako sa paaralan.
_____ 8. Sumonod ako sa patakaran ng aming Math Club upang kami ay magtatagumpay sa aming mga magagandang plano.
_____ 9. Susundin ko ang mga utos ng Panginoon dahil gusto Niyang masunurin tayo.
_____10. Umuwi si Kuya sa probinsya upang bumoto.

| Aralin 1 | Mga Gawaing Lumilinang sa Kagalingang Pansibiko |
|---|---|



## *Tuklasin*

Tingnan ang larawan sa ibaba. Ano ang masasabi mo sa larawan ?



______________________________________________

______________________________________________



## *Suriin*

Basahin at unawaing mabuti ang teksto.

### Mga Gawaing Lumilinang sa Kagalingang Pansibiko

Ang salitang ***sibiko*** ay mula sa salitang Latin na ang ibig sabihin ay mamamayan. Sa Pranses, noong unang panahon kung nakapagbuwis ka ng buhay para sa iyong kapwa tinatawag nila itong ***civique***. Napagpapalitan ito ng salitang ***civil*** o "***sibilyan***, na isang indivibidwal o tao na wala sa serbisyo o hindi nanunungkulan ng pamahalaan subalit nakatutulong nang malaki sa kanyang bayan.

Sa ngayon, para pormal tawagin, ginagamit ang salitang sibiko sa salitang ito ***"kagalingan"*** o ***welfare***. Tinutukoy ng ***civic welfare*** o ***kagalingang pansibiko*** ang pinakamataas na kabutihang makakamit at mararanasan ng mga mamamayan. Taglay sa gawaing pansibiko ang mga susing katangian, pagkukusang-loob, pagtulong nang walang inaasahang kapalit at bayanihan.

Ang pagkakaroon ng kagalingang pansibiko ay tanda ito ng kakanyahan ng isang lipunang namumuhay nang matiwasay, may pagmamalasakit sa kapwa, at nangunguna sa kaunlaran. Sa pamamagitan ng gawaing pansibiko, napaglilingkuran lalo ang mga nangangailangan sa lipunan

May iba't ibang uri ng gawaing pansibiko ayon sa kakayahan ng indibiduwal o grupo. Ang mga gawain sa ibaba ay mga gawaing pansibiko na magawa sa batang katulad ninyo.






Ang pagtangkilik sa mga produkto sa iyong komunidad ay halimbawa rin ng gawaing pansibiko, pagpapalabas o pagtulong sa mga pagtatanghal, ang pagtulong sa pamamahala sa trapiko. Mga programang may kinalaman sa pampalakasan gaya ng pagbuo ng mga liga, pagtuturo ng isports: at pagbibigay ng pasilidad.

Mga gawaing pansibiko rin na maaring gampanan bilang grupo o bilang kasapi ng organisasyon.









Mga tanong ukol sa nababasang teksto. Isulat sa patlang ang iyong sagot.

1. Ano ang ibig sabihin ng kagalingang pansibiko?
   ______________________________________________
2. Paano nakatutulong sa pag-unlad ng bansa ang mga ito?
   ______________________________________________
3. Anong kabutihang naidudulot ng mga gawaing pansibiko?



## *Pagyamanin*

Tukuyin ang mga gawaing lumilinang sa kagalingang pansibiko. Isulat sa patlang ang T kung tama ang pahayag at M kung mali.

___1. Taglay sa gawaing pansibiko ang mga susing katangian, pagkukusang-loob, pagtulong nang walang inaasahang kapalit at bayanihan.
___2. Ang mga batang tulad mo ay hindi pa maaring sumali sa mga gawaing pansibiko.
___3. Hahayaan ang gobyerno na maglilinis sa mga pampublikong lugar.
___4. Pagkakaroon ng libreng kunsoltasyon sa mata.
___5. Pagtatanim ng mga punong kahoy sa bakante na lote.



## *Isaisip*

Sa araling ito may natutuhan kang marami. Punan mo ang salaysay sa ibaba upang makompleto ito. Piliin ang iyong sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| indibiduwal | nangangailangan | katapatan |
| gawaing pansibiko | grupo | pagtulong |


**Mga Gawaing Lumilinang sa Kagalingang Pansibiko**

Sa araw na ito, natutunan ko na ang mga 1.______________________ ay napapaglingkuran lalo na ang 2. __________________ sa lipunan. May iba't ibang uri ng gawaing pansibiko ayon sa kakayahan ng 3.________________ at 4. ___________. Taglay sa gawaing pansibiko ang 5. _________________ na walang inaasahang kaplit.



# *Isasagawa*

Bilang isang batang katulad mo, anong mga gawaing pansibiko ang maaring gawin ng mga batang katulad mo? Punan ang mga bilog sa ibaba.






# *Tayahin*

Tukuyin ang mga gawaing lumilinang sa kagalingang pansibiko. Lagyan ng tsek (/) ang patlang kung ang pahayag ay may kinalaman sa kagalingang pansibiko.

___ 1. Pagtulong sa pagmimigay ng mga relief goods sa lugar na nababahaan.
___ 2. Pagtinda ng mga preskong isda sa kapitbahay.
___ 3. Pagsali ng Clean-up drive ng samahang Women's Department.
___ 4. Pagtanim ng mga punong kahoy sa bakanteng lote.
___ 5. Paglalaba ng mga damit ko.
___ 6. Pagsuot ng diesenyong etnikong damit tuwing may okasyon.
___ 7. Paggabay sa paglalakad sa mga may kapansanan.
___ 8. Pag – aaral nang mabuti.
___ 9. Pag check-up sa mga may sakit na walang bayad.
___ 10. Paglalakbay sa bukid kasama ang mga kaibigan.



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Gumupit o gumuhit sa loob ng kahon ng isang larawan na nagpapakita ng mga gawaing pansibiko. Ilarawan ito.



# Susi sa Pagwawasto

| BALIKAN | ISAISIP | PAGYAMANIN | TAYAHIN |
|---|---|---|---|
| 1. K<br>2. T<br>3. T<br>4. K<br>5. K<br>6. T<br>7. K<br>8. T<br>9. T<br>10. K | 1. gawaing pansibiko<br>2. nangangailangan<br>3. indibidwal<br>4. grupo<br>5. pagtulong | 1. T<br>2. M<br>3. M<br>4. T<br>5. T | 1. /<br>2.<br>3. /<br>4. /<br>5.<br>6. /<br>7. /<br>8.<br>9. /<br>10. |

# Sanggunian


https://images.app.goo.gl/1k5mJQMfv5XPCZ32A
https://images.app.goo.gl/Lx1nt16APMQ64a798
https://images.app.goo.gl/ezJAen3BdayX7GhP9
https://images.app.goo.gl/XbpNn7rJBYKUgAuh9
https://images.app.goo.gl/A5GytroUuUddE1pc6
https://images.app.goo.gl/9XR75zdnU9S4Epjw6
https://images.app.goo.gl/2e4cicfR16Cjk6g78
https://images.app.goo.gl/hXQ46JxrWAhDF6ff7
https://images.app.goo.gl/thpvZ4X4kJiqJ1ZRA
Araling Panlipunan 4, Kagamitan ng Mag-aaral